
Printed and Distributed by:





# REPUBLIC ACT 9262

## Anti-Violence Against Women and Their Children (VAWC)





**Para sa ibang impormasyon tumawag/E-mail sa:**

**Tel No:** 729-9844 loc. 1165

**E-Mail:** gad@tanauancity.gov.ph

**FB Acct :** www.fb.com/GADtanauancity

# Maraming Salamat Po!


# Karapatan ng biktima ayon sa batas na ito:

- Ituring na may respeto at dignidad
- Tulong (legal assistance) mula sa tanggapan ng Public Attorney o kahit saang ahensya na nagkakaloob ng tulong publiko, kasama ang lokal na pamahalaan
- Serbisyong suporta mula sa DSWD at lokal na pamahalaan
- Na maipaalam sa kanila ang mga karapatan at mga serbisyong maaaring mapasakanila, kasama na ang kanilang karapatan sa abiso proteksyon
- Kung ang biktima ay isang kapus-palad, o kahit na hindi ngunit may kaagarang pangangailangan para sa abiso proteksyon, ang biktima ay maaaring magsumite para sa abiso proteksyon sa korte ng walang binabayaran para sa mga bayarin sa korte.



# REPUBLIC ACT 9262

*Anti-Violence Against Women and Their Children*



- Nilagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo noong Marso, 2004.
- Batas na nagtatakda na ang mga akto ng karahasan sa mga kababaihan at kanyang mga anak ay itinuturing bilang isang pampublikong krimen.
- Nilalayon ng batas na ito na tugunan ang laganap na pang-aabuso sa kababaihan at mga bata.

# Violence Against Women and Their Children



- Ito ay isang pampublikong krimen
- Ito ay ang hindi pantay na sitwasyon ng babae at lalaki sa usaping pang-aabuso sa loob ng isang relasyon, kung saan ang babae ay higit na dehado



# Violence Against Women and Their Children


- Sa ilalim ng batas, babae lamang at ang kanyang mga anak (babae man o lalaki) ang maaaring
  maging biktima ng VAWC.
- Bukod sa babaeng nakakaranas ng pang-aabuso, ang kasong VAWC ay maaari ding isampa ng kanyang kapamilya, barangay, social worker o concerned citizens.





# Pondo

- Ang pondo para sa mga programa ng Local Government Units ay kukunin mula sa Gender and Development (GAD) budget na hindi bababa sa 5% ng Internal Revenue Allocation (IRA)




# Violence Against Women and Their Children

- Ang mga babae ay maaari ding managot sa ilalim ng batas na ito.
- Dahil ang VAWC ay pampublikong krimen, hindi dapat ito nireresolba sa pag-aareglo o pamimilit na makipagkasundo na lamang ang babae o ang biktima sa kanyang mapang-abusong karelasyon.



# Tungkulin ng iba pang ahensya

- Bukod sa mga healthcare providers na dapat magbigay ng karampatang aksyon sa babae kagaya ng libreng medical certificate.
- Inaatasan din na magtatag ng mga programang tutugon sa VAWC. (hal: regular na pagaaral nang mga empleyado tungkol sa VAWC at pagkakaroon ng mga information campaign sa lahat ng Barangay)

## Tungkulin din ng opisyal ng barangay ang:



- I-report ang insidente sa City Social Welfare and Development (CSWD) o sa mga accredited NGOs



- Ang hindi pagre-report ay may karampatang multang PhP10,000, at maaari din silang masampahan ng kasong kriminal, sibil o administratibo.

## Proteksyon laban sa Demanda

- Kung sino man ang rumesponde sa kasong VAWC ay hindi maaaring idemanda para sa kanilang aksyon, kahit ito pa man ay maging marahas.
- Ngunit dapat patunayan din na ang dahas na ginamit nila ay hindi sobra sa kung ano ang kinakailangan upang masiguro ligtas ang biktima.



## Mahalagang tala tungkol sa VAWC:





- Ang pang-aabuso ay maaaring aktwal na isinagawa o ibinanta sa babae.
- Ito ay maaring direktang ginawa sa babae o sa kanyang anak, iba pang myembro ng pamilya o alaga upang takutin ang babae.
- Ito ay maaaring mangyari sa loob o labas ng bahay.

## Ang mga sumusunod ang maaaring managot ukol sa paglabag ng Batas Republika 9262





- Asawang lalaki
- Dating asawang lalaki
- Kasalukuyan o dating boypren/ kasintahan o ka-live-in
- Sa kahit sinong may anak na komon ang babae
- Sa kahit kanino na may relasyon o naging karelasyon sekswal (babae man o lalaki) o pakikipagmabutihan ang babae.

# Mga Uri ng Karahasan:



- **Pisikal** – panggugulpi, paninipa, panunutok ng baril o kahit anumang bagay na nakakasakit.



- **Sekswal** – panggagahasa, pamimilit na manood ng x-rated na pelikula, pambubugaw ng asawa o anak.



- **Sikolohikal** – pamamahiya, pagkakait sa mga anak, paulit-ulit na pangaabusong verbal, pagsunod sa babae sa kanyang pinapasukang trabaho, eskwelahan o kahit saang pampubliko o pribadong lugar ng walang matibay na dahilan.





- **Ekonomiko o pinansyal** – hindi pagbibigay ng suporta, pamimigil sa pagtatrabaho ng babae, pagkuha o pagkontrol ng kita ng babae, paninira ng gamit sa bahay



# Tungkulin ng Barangay laban sa VAWC

Pinagtibay ng bagong batas ang mahalagang papel ng barangay sa pagtugon sa kasong VAWC. Bukod sa pagbibigay ng BPO, **tungkulin din ng opisyal ng barangay ang:**

- Rumesponde agad sa mga reklamo ng VAWC
- Magkumpiska ng baril at iba pang deadly weapon ng nang-aabuso.



- Samahan ang babae sa ospital o sa isang ligtas na lugar.
- Tulungan ang babae mabawi ang kanyang personal na ari-arian sa bahay.
- Siguraduhin ang pagpapatupad ng protection order.



- Arestuhin ang nang-abuso kahit walang warrant kung (1) nahuli nila ito sa akto ng pang-aabuso, (2) sila ay may personal na kaalaman na may naganap na aktong VAWC, o (3) mayroong panganib sa buhay ng babae.

## Para makakuha ng BPO:

- Maaari din magsumite ng BPO ang:

1. Magulang o tagapamatnubay ng naabusong panig
2. Kamag-anak hanggang sa ika-apat na antas relasyon sa pamamagitan ng kasal
3. Social workers ng CSWD
4. Mga pulis opisyal
5. Punong Barangay o kagawad
6. Abogado, counselor (tagapayo)
7. Therapist, healthcare provider
8. O kahit dalawang mamamayan ng lugar na may personal na kaalaman sa kaganapan ng paglabag

# Saan maaring magsumite para sa TPO o PPO?



- ang aplikasyon para sa TPO o PPO ay maaring isumite sa Family Court kung saan ang babae o kanyang anak ay naninirahan.
- maaari itong ibigay sa Regional Trial Court, Municipal Trial Court, na nakakasakop ng kanilang tirahan



# Parusa sa paglabag sa RA (9262)





- Pagkabilanggo ng maysala (depende sa bigat ng krimeng ginawa tagal) at pagbabayad ng danyos ng hindi bababa ng PhP100,000 ngunit hindi tataas ng PhP300,000
- Kailangan ding sumailalim sa psychological counseling o psychiatric treatment ang may sala.

# Battered Woman Syndrome



- May mga kaso na kung saan ang matinding galit na tinitimpi ng babae ay humantong sa pagpatay ng kanyang karelasyon dahil ito na lang ang nakikita niyang paraan upang makawala sa pang-aabuso.
- Sa ganitong sitwasyon maaring gamitin bilang depensa sa korte ang battered woman syndrome upang mapawalang sala ang babae. Ngunit kailangang mapatunayan muna sa tulong ng psychologist o psychiatrist ang kanyang pagkakaroon ng **battered woman syndrome**.

Ang babaeng biktima o kanyang anak ay maaring humingi ng: **Protection Order**

- Pagbabawal sa respondent (karelasyong nang-abuso) gumawa ng kahit anong aktong VAWC sa babae.

- Pagbabawal sa respondent na gambalain muli ang babae (hal. Panghaharas sa telepono)

- Pagpapaalis sa respondent sa bahay nila ng babae

- Pagbabawal lumapit sa babae at sa mga tinukoy nitong kapamilya o kamag-anak sa kanilang bahay, opisina, eskwelahan at iba pang lugar na madalas puntahan ng mga ito

## Protection Order






- Pagkumpiska ng korte sa baril at iba pang deadly weapon ng respondent
- Pagbabayad ng respondent sa pinsalang ginawa nito (hal. Gastos sa ospital).
- Pagbibigay suporta ng respondent sa babae at kanilang anak
- Pagbibigay ng temporary o permanenteng custody sa babae ng kanyang mga anak.



# 3 klase ng protection order sa ilalim ng Anti-VAWC Act:

1. Barangay Protection Order (BPO)
   - Binibigay ng barangay, may bisa ng 15 araw.
2. Temporary Protection Order (TPO)
   - Binibigay ng korte, may bisa ng 30 araw
3. Permanent Protection Order (PPO)
   - Binibigay ng korte, may bisa hangga't hindi nagpepetisyon ang babae sa korte na ipawalang bisa ito

## Para makakuha ng BPO:




- Ang asawang babae o ang kanyang anak ay maaaring pumunta sa Punong Barangay o kung wala ito, sa kahit kaninong kagawad, at mag-aplay para sa BPO.

- Ang Punong Barangay o kagawad ay dapat maglabas ng karampatang BPO sa araw din nang aplikasyon, kaagad matapos maisagawa ang pagdinig sa isinampang reklamo na hindi na nangangailangan pa nang pagdinig sa kabilang panig.